

Makabuluhang Natuklasan

Sa Freshwater Aquaculture Center, Central Luzon State University, ang paggamit ng “aquashade” tuwing tag-init ay napatunayang napipigilan ang lubos na pagtaas ng temperatura ng tubig sa palaisdaan at dahil dito ay napapataas ang pagpaparami nito.

Paunang natuklasan noong pagpapaunlad ng tekhnolohiya na ang produksyon ng binhi ay mapapataas ng hanggang 13 beses. Noong sinubok sa mga pribadong “hatcheries”, ang “aquashade” tekhnolohiya ay napatunayang napapababa ang temperatura ng tubig ng higit sa 3°C sa pinakamainit na bahagi sa hawat araw, at ito ay nagresulta sa pagtaas ng dami ng nangitlog at ng produksiyon ng binhi na mahigit sa 100%.



Sa karagdagang kaalaman, maaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Dr. Emmanuel M. Vera Cruz

Head, FAC, Professor, CF
Project Leader

Eddie Boy T. Jimenez

Sherwin B. Celestino

Project Staff

Jairene C. Pinkihan

Science Research Assistant

Freshwater Aquaculture Center
College of Fisheries
Central Luzon State University

Web: fac.clsu.edu.ph
E-mail: fac@clsu.edu.ph
Telefax no.: (044) 456-0681




Aquashade

**“Solusyon sa Mababang
Produksyon ng Binhi ng
Tilapia sa Tag-init”**

Freshwater Aquaculture Center/
College of Fisheries
Central Luzon State University
Science City of Muñoz,
Nueva Ecija, 3120 Philippines

Pangkalahatang Ideya

Ang tilapya ay nararapat alagaan sa mainit na lugar. Ang temperatura ng tubig ay nakakaapekto sa temperatura ng isda, paglaki nito, pagkunsumo ng pagkain, produksiyon ng itlog, at iba pa.



Bagaman ang tilapya ay kilalang kakayanin ang malawak na pagbabago ng temperatura, ang napakataas na temperatura ng tubig ($\geq 36^{\circ}\text{C}$) pag tag-init ay nagiging sanhi upang ang isda ay di magparami. Ang paglaki ng Nile tilapya (*Oreochromis niloticus*) ay pinakamabuti sa $28-32^{\circ}\text{C}$ at dito rin sa temperaturang ito kung saan ang isda ay nagpaparami ng lubos.




Sunod-sunod na Gabay

G.I. Pipe and G.I. Wire-framed Design



Pagkuha sa sukat ng palaisdaan upang makatulong sa lokasyon ng mga poste



Paghuukay ng butas (0.5 m ang lalim; poste hiwahiwalay ng 4 m)



Paglalatag ng mga G.I. na poste (2.5 m ang haba)




Pananahi ng lambat/nets



Paglalatag ng GI wires



Lahat ng poste ay ikinakapit sa mga malalapit na puno o mga suportang poste (*serga*).



Pagkakabit ng green house net



Pagkapit ng greenhouse shading net sa GI wires gamit ang mga wire straps o taling nylon



Pag may darating na bagyo, iminumungkahi na tanggalin ang **wire straps/nylon twine** at ibilot ang **shading net** sa isang bahagi ng palaisdaan.



Mga materyales na kailangan:
G.I. Pipe and G.I. wire-framed Design
(500 m² Breeding Pond)

Materyales	Bigat/Bilang
G.I. Pipe 2", S40	3-4 piraso
G.I. Wire	5 kg
Wire Straps	200 piraso
Greenhouse Net (CCM208-2/W-W-SLV), 40% shade effectivity (3.6m x 50m, Silver)	2 rolyo